

SEPTEMBER - OCTOBER 2012


FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN

ISSUE 50 IPINAMIMIGAY NG LIBRE

PO NATIN!

مجلة لتتجاوز ملحق مجلة البشري باللغة الفلبينية - العدد الخمسون



KALANTIAW CODE - TOTOO BA?


المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
 UPANG TAYOY MAGKILALANAN ... لتتعارف



مركز
 الفلبيني
 الثقافي
 الكويتي



- Pagtuturo ng wikang arabik.
- Mga panayam tungkol sa mga okasyong pang-islam, mga kapistahan at okasyong pambansa.
- Mga programa sa pakikipagtulungan ng Philippine Embassy sa Kuwait.
- Seminar para sa mga magpapakasal.
- Mga seminar tungkol sa mga tradisyon at kaugaliang kuwaiti.
- Mga Kompetisyong Pangkultura.
- Mga Pamamasyal at Paglilibang.
- Mga Programang Pampalakan.
- Monthly Magazine ng Center (PAG-USAPAN PO NATIN !).

Kami po ay malugod na nag-aanyayasa inyong pagbisita sa ating sentro.



المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

CMS
 معهد كاميز للتدريب الاحملي
 CENTRE FOR COMPUTER & MANAGEMENT STUDIES



جمعية النجاة الخيرية

LIBRENG PAG-AARAL NG ARABIK PARA SA MGA PILIPINO
(With Certificate)



For reservation and registration

Tawag lang sa 24712574 or 24756796

Extention 102 sa mga lalaki, Extention 116 sa mga babae

Office Hours: Sundays to Fridays, Morning 8:00– 1:00,
 Evening 4:30 – 8:30

KPCCenter is Closed on Saturdays

ARABIC CLASS 2012 – 2013 SCHEDULE OF CLASSES & REGISTRATION

BATCH	REGISTRATION PERIOD	DURATION OF CLASSES
1 st Batch	February 1 - 29, 2012	March - June 2012
2 nd Batch	June 1 - 33, 2012	July - November 2012
3 rd Batch	November 1 - 31, 2012	December 2012 - March 2013

Mag-aral Bumasa at Sumulat ng Arabik sa Loob Lamang ng Apat na Buwan



FILIPINO MAGAZINE **PO NATIN!**
PAG-USAPAN

Chief Patron

Mohammad Ismail Al-Ansari

Editor

Ullessis F. Abaya

Columnists:

Joselito Tabing

Issa Mohammad Tragua

Ust. Abubaidah Salud Satol

Ust. Marouf Baraguir Ali

Ust. Wahibie Tamama

Ust. Muslimin Palami Bhiruar

Mailyn Rodriguez

Usta. Pahima Guiabali

Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee

Ust. Marouf Baraguir Ali

Ust. Muslimin Palami Bhiruar

Bro. Muhammad F. Sumaway

Bro. Ahmad Yusuf Abaya

Usta. Halima Mantawil

PUBLISHED BY

KPC Center

Farwaniya, Block 1

Street 74 corner Street 72

Building 12

Phone 24712574, 24756796

Fax (965) 24712574 (102)

Hotline: 97802777

www.kpccenter.com

www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea

General Director

Ust. Marouf Baraguir Ali

Head, Men Section

Usta. Halima Mantawil


Head, Women Section



مؤسسة زخرف للإعلان والإعلان
Zukhruf Advertising Agency

www.zukhruf.net


Tel. 99993072



Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, mag-e-mail sa:
ullessis@yahoo.com



القانون القديم هل هذا صحيح؟



حرفة التدليك



الحياة الاسلامية



لغة المورور

KALANTIAW, ANG PANLILINLANG

Ni Paul Morrow

Akala ng marami na ang kuwento tungkol kay Datu Kalantiaw ay isa sa mga alamat na nilalaman ng isang napakaluma at mahiwagang kasulatan na may titulong Maragtas. Subali't, sa katotohanan, ang Maragtas ay isang libro na sinulat ni Pedro Monteclaro noong taong 1907 pa lamang. Tinipon niya sa librong ito ang mga alamat na ikinukuwento pa noon ng mga matatanda at iba pang mga kuwentong nakasulat na hindi naman lumang luma. Hindi binanggit ni Monteclaro ang pangalan ni Datu Kalantiaw sa Maragtas.

May ilang alamat sa Maragtas na matagal nang naging bahagi ng kalinangan ng Bisayas at hanggang ngayon ay pinapahalagahan pa rin ang mga ito ng maraming taga-Bisayas. Ang mga kuwento tungkol sa sampung batikang datu ay isinasalaysay na noon pa man ng maraming salinlahi at kapani-paniwala naman ang mga ito kung hindi natin bibigyan-pansin ang mga bagong dagdag sa mga alamat tulad ng mga di-umano'y "orihinal" na kasulatan at ang mga eksaktong petsa na walang pinagbatayan mula sa panahon bago dumating ang mga Espanyol sa Filipinas.

Hindi naman mahirap isaisip na nakapaglayag ang mga tao mula sa Borneo upang manirahan sa Panay noong unang panahon. Bakit hindi? Kahit wala tayong mga kasulatan na nagpapatotoo sa kasaysayan ng isang datu Sumakwel at ng kaniyang mga tauhan, may mga ebidensiya sa archaeology at sa mga banyagang sulatin na may naganap na pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakalan ang Filipinas at mga kalapit-bansa noon.

Gayunman, naging malabo ang pagkakaiba ng mga alamat sa Maragtas sa mga katotohanan ng kasaysayan dahil sa sobrang pagkamakabayan

ng may-akda at dahil sa lantad na pagsisinungaling ng mga ibang manunulat. Subalit ang mga alamat tungkol sa tanyag na Datu Kalantiaw ay hindi kabilang sa mga alamat ng Maragtas. Ang mga kuwento hinggil kay Kalantiaw ay lalong nakabagabag sapagkat si Kalantiaw ay hindi kailanman naging bahagi ng kasaysayang Filipino at hindi rin siya isang alamat. Ang kasaysayan tungkol kay Kalantiaw ay isang ganap na panlilinlang.

Ang Di-kapani-paniwalang Kodigo ni Kalantiaw

Itinuro sa mga mag-aaral sa Filipinas noong ika-20 dantaon ang malulupit at masasalimuot na batas na pinairal umano ng isang Datu Kalantiaw noong taong 1433 sa pulo ng Panay. Magkakasalungat ang marami sa kaniyang mga batas at ang kaniyang mga parusa ay mararahas. Karamihan sa mga parusa ay walang kaugnayan sa uri o bigat ng kasalanan. Ang mga paglabag sa batas na nakasaad sa Kodigo ay maaaring kasinggaan lamang

ng pag-awit sa gabi hanggang sa mabigat na kasalanan tulad ng pagpatay sa tao. Ang mga nagkasala umano ay ginawang alipin, binugbog, hinagupit, binato, pinutulan ng daliri, inilantad sa mga langgam, nilunod, sinunog, pinakuluan, tinadtad, o pinakain sa mga buwaya.

Bakit hindi natin dapat paniwalaan ang kuwentong ito na itinuro nang maraming taon sa mga paaralan bilang bahagi ng kasaysayan ng Filipinas? May tatlong mabuting dahilan.

Ang unang dahilan ay ang kakulangan ng nakatalang ebidensiya sa kasaysayan. Walang mga sulatin o larawan na nakuha mula sa naturang panahon sa kasaysayan ng Filipinas. Wala ring mga kasulatan mula sa ibang bansa na bumanggit sa di-umano'y dakilang Kalantiaw. At wala ring katunayan o katibayan na nagkaroon ng napaka-



lupit na batas ang kalinangang Filipino noong unang panahon. Ayon sa naitala ng mga Kastila, ang kaugalian ng mga Filipino noon ay multahan lamang ang mga nagkasala kahit gaanong kalubha ng kanilang kasalanan. May pagkakataong ginawang alipin ang isang tao kung hindi siya nakapagbayad ng utang. Ayon sa isinulat ng misyonerong si Francisco Colín noong 1663:

Sa pagpaparusa ng mga kasalananang marahas, may kahalagahan ang katayuan sa lipunan ng taong pumatay at ng taong [kaniyang] pinatay. Kung ang taong pinatay ay isang datu, lahat ng kaniyang kamag-anakan ay nakipagdigma sa taong pumatay at sa kaniyang kamag-anakan, at nanatili [sila sa] ganitong kalagayan ng digmaan hangga't walang pasiya ang mga tagapamagitan kung magkano ang halaga ng gintong dapat bayaran [bilang parusa] sa pagpapatay... Ang parusang kamatayan ay hindi ipinataw ng may kapangyarihan maliban kung ang taong pumatay at ang taong [kaniyang] pinatay ay kapwa pangkaraniwang tao, at hindi kayang bayaran ng taong pumatay ang halaga ng multang dugo.

Hanggang ngayon, ang mga tribo sa Filipinas na hindi sinakop ng mga Kastila ay iniaayos ang kanilang mga hidwaan sa pamamagitan ng mga tagapamagitan.

Ang pangalawang dahilan ay ang kakulangan ng ebidensiya na si Kalantiaw ay isang alamat. Ayaw tanggapin ng masusugid na tagahanga ng Datu ang mga nagsilabas na salungat na katotohanan ng kasaysayan at iginigiit pa rin nila na siya'y matagal nang naging bahagi ng kalinangan at pamanang Bisaya. Ito ay hindi totoo. Walang naitala ang mga Kastila ng anumang Filipinong alamat hinggil kay Kalantiaw. Kung sakali mang nakarating sa kanilang kaalaman ang ganitong alamat, wala silang dahilan upang sugpuin ito. Kung alam ito ng mga Espanyol na mababait sa Filipino, tiyak na itatala nila ang alamat ng Kodigo sapagkat ito ang magpapatunay na may kabihasnang mga sinaunang Filipino gaya ng ginagawa ng marami ngayon. Sa isang banda, iyon namang ibang nais lamang hamakin at pulaan ang lahing Filipino, kailangan lamang na ituro ang baliw na Datu bilang katunayang mabangis ang mga katutubong Filipino.

Tiyak na hindi nagkaroon ng anumang alamat tungkol kay Kalantiaw bago ng ika-20 dantaon.

Ang Aklanong mananalaysay na si Digno Alba ay bata pa noong simula ng naturang siglo. Hinanap niya si Kalantiaw sa mga alamat-bayan ng Aklan noong dekadang 1950 ngunit hindi niya natagpuan ang Datu. Noong ika-5 ng Mayo, 1967 sinulatan si Alba ni William Henry Scott, isa ring mananalaysay, at itinanong niya ang sumusunod:

Noong bata pa kayo, Don Digno, wala bang mga kuwento ang mga matanda sa Aklan tungkol kay Kalantiaw bago natuklasan ang mga sulatin ni Pavón noong 1913? Wala bang mga kilalang alamat o kuwentong-bayan na isinalaysay ang matatanda sa kani-kanilang mga apo?

Tinugon ito ni Alba sa isang liham mula sa Kalibo, Aklan na may petsang ika-15 ng Mayo, 1967:

Sinikap kong makuha ang mga kuwento o alamat sa mga henerasyon ng mga Aklanon na nabubuhay ngayon sa Batan... ngunit wala, kahit isang matandang lalaki, ang makapagsabi sa akin ngayon.

Ang pangatlo at pinakamahalagang dahilan upang tanggihan ang alamat ni Kalantiaw ay ang pinagmulan nito. Kung si Kalantiaw ay hindi isang tauhan ng kasaysayan at hindi rin isang alamat, saan ba siya nanggaling? Marami sa mga mananaysay na sumulat tungkol dito ay hindi man lamang binanggit kung saan nila nakuha ang kanilang kaalaman. Ilan, tulad ni Digno Alba, ay pumitas lamang ng mga «katotohanan» mula sa hangin. Ang totoong pinagmulan ni Kalantiaw ay natunton ni William Scott mula sa iisang tao lamang na tiyak na hindi buháy noong mga taong 1400. Siya ay si José E. Marco ng Pontevedra, Negros Occidental at noong 1913, siya ang nakatuklas umano ng mga sulatin ni Pavón na binanggit ni Scott sa kaniyang liham kay Digno Alba. Sa katotohanan, gawa-gawa at kathang-isip lamang ni Marco ang mga kasulatang ito na naglalaman ng Kodigo ni Kalantiaw. Si Kalantiaw ang naging pinakasikat na kasinungalingan ni Marco sa kaniyang halos 50 taong karera bilang isang manlilinlang

Ang Pinagmulan ni Kalantiaw at ng mga Kasulatan ni Pavón

Ang pangalan ni Kalantiaw ay unang lumitaw noong Hulyo, 1913 sa isang sanaysay na may pamagat *Civilización prehispana na nalathala sa Renacimiento Filipino*. Binanggit sa pitak ang 16 (hindi 18) na batas na pinairal ni Haring Kalantiaw noong 1433 at ang kuta na itinayo niya sa Gagalangin, Negros na nawasak ng lindol noong taong A.D. 435 (hindi 1435). Ang lathalain ay sinulat ni Manuel Artigas, na isang taon bago isinulat ang pitak ay siya ring may-akda ng annotation o mga paliwanag sa isang mahinang uring sanaysay na sinulat ni José Marco, ang *Reseña historica de la Isla de Negros*. Nang sumunod na taon, 1914, lumabas ang iba pang mga detalye tungkol kay Kalantiaw nang magkaloob si José Marco ng limang kasulatan sa *Philippine Library & Museum*. Isa sa mga ito ay *Las antiguas leyendas de la Isla de Negros* na binubuo ng dalawang aklat na may pabalat na katad. Ito'y sinulat umano ng isang prayle na si José María Pavón noong 1838 at 1839. Ang *Kodigo ni Kalantiaw*, sa kabanata 9 ng unang aklat, ay isa sa anim na kasulatan na isinalin na ang nakatalang petsa ay yaong panahon bago dumating ang mga Espanyol sa Filipinas. Ang orihinal na *Kodigo* ay natuklasan umano sa kamay ng isang datu sa Panay noong taong 1614. Nang sumulat si Pavón sa taong 1839, isang Don Marcelio Orfila ng Zaragoza umano ang may hawak nito. Noong 1966, hiniling ng pamahalaan ng Filipinas sa pamahalaan ng Espanya na isaui ng mga inapo ni Marcelio Orfila ang orihinal na *Kodigo ni Kalantiaw* subalit ayon sa *Tagapamahala ng Pulisya* roon, walang natagpuang anuman sa mga talaan tungkol sa nasabing pamilya sa lungsod ng Zaragoza. Kahit nakalipas na ang maraming dekada ay hindi naitala ni José Marco kung saan niya nakuha ang mga sulatin ni Fr. Pavón. Ngunit lagi siyang may handang paliwanag sa kaniyang mga pakikipagkuwentuhan nang personal noon. Isinalaysay ito ni Henry Otley Beyer sa kaniyang kasamang mananaysay na si Mauro Garcia noong bandang 1950. Ayon sa kuwento, si Pavón ang pari sa bayan ng Himamaylan, Negros noong dekadang 1840. Noong dinabong ang bayan sa himagsikan ng 1899, ang ama ni Marco ay isa sa mga mandarambong na nagnakaw ng isang baul na sa akala nila ay puno ng salapi o alahas. Ngunit nang mahulog ito sa ilog, bumigat ito at natanto nilang mga papeles lamang pala ang laman. Ito

raw ang mga kasulatan ni Pavón.

Subalit kung totoo ang kuwentong iyon, dapat ay ipinaliwanag ni José Marco kung bakit hindi niya ginamit itong kayamanan ng kaalaman o kung bakit hindi man lang niya binanggit ang mga kasulatang iyon noong sinulat niya ang kaniyang *Reseña Historica* noong 1912. Marahil ay nakita ni Marco ang kamalian sa kaniyang kuwento kaya noong ipinaliwanag niya ang pinanggalingan ng mga kasulatan sa *Philippine Studies Program* ng *University of Chicago* noong 1954, sinabi niyang nakuha niya iyon mula sa isang matandang tagaluto na dati'y nagtrabaho sa kumbento sa Himamaylan na tinirahan ni Pavón. Itong matandang kusinero raw ang nagnakaw ng mga kasulatan noong 1899 at ipinagbili niya ang mga iyon kay Marco sa taong 1913.

Mga Kamalian sa Kasulatan ni Pavón

Bukod sa malabong pinagmulan ng *Kodigo ni Kalantiaw* at ng *Leyendes ni Pavón* na naglalaman nito, ang mga kasulatang ito ay kapwa kahina-hinala rin. Ang pamagat ng *Kodigo* ay Ang 17 tesis, o mga batas ng *Regulos [mga Datu]* na ginagamit sa 150 mula pa noong 1433 (sic). Sa katotohanan, 18 batas ang itinalang sumasaklaw sa humigit-kumulang na 40 kasalanan at hindi 16 na batas gaya ng inulat ni Artigas sa 1913. At madaling makita na walang katuturan ang mga petsang binanggit sa pamagat. Noong siglo ng 1800 ay palasak pa rin ang kaugalian na tanggalin ang isa o dalawang numero mula sa unahan ng isang taon upang paikliin ito ngunit hindi tinatanggal ang mga nahuhuling numero. Samakatwid ang bilang na 150 ay hindi isang daglat ng taong 1500. Ang maaaring kahulugan nito ay 1150 na wala ring katuturan tulad ng 150. Ikinuwento sa ikalawang kabanata ng ikalawang bahagi ng *Leyendes* ang pagtatayo ng kuta ni Kalantiaw sa 433. Bagama't tama ang numerong ito bilang daglat ng 1433, ang taon na sinulat umano ni Kalantiaw ang kaniyang mga batas, ang petsang ito ay nasa isang sulatin na umano'y isinulat sa taong 1137! Sa kabila ng katotohanan na ang mga sinaunang Filipino ay walang mga relos at wala ring panukat ng panahon na katumbas ng isang oras, hinatulan ng ikatlong batas ni Kalantiaw ang mga lalaki na lumangoy nang tatlong oras kung hindi nila kayang sustentuhan ang kanilang mga asawa at ang parusa namang ipinataw ng ikalimang batas ay isang oras ng pa-

ghagupit.

Maraming mga petsang di-kapani-paniwala sa mga kasulatan na natuklasan umano ni José Marco. Isinalin ng di-umano y may-akda ng Leyendes, si José María Pavón, ang Kodigo ni Kalantiaw at lima pang sulating pre-Hispanic, ngunit hindi niya ipinaliwanag kung paano niya kinalkula ang mga petsa ng mga ito. Isinaad pa niya na hindi itinala ng mga sinaunang tao sa Bisayas ang paglipas ng mga taon. Subalit ang kaniyang «eksaktong» pagsasalin ng isang kasulatan na sinulat umano sa taong 1489, ilang dekada bago nagsimula ang pakikipag-ugnayan sa Filipinas at kanluran, ay bumanggit ng «unang Biyernes ng taon» at ng mga taon na may «tatlong bilang na magkakatulad gaya ng 1777». Binanggit din dito ang salapi na may larawan ng Haring Carlos V ng Espanya kahit wala pa noon ang hari na saka lamang ipinanganak nang dumating ang taong 1500.

Ang mga kamalian sa mga petsa ay hindi lamang matatagpuan sa mga sinaunang kasulatan. Mag-ing si Pavón ay litung-lito rin kahit sa kaniyang sariling panahon. Nang matapos ang kaniyang obra-maestra, inihandog ni Pavón ang Leyendes sa hari ng Espanya sa unang araw ng Agosto, 1839. Subalit walang hari ang Espanya noong panahong iyon; ang batang reynang si Isabella II na walong taong gulang pa lamang noon, ay nakalukluk sa trono mula pa noong 1833 sa ilalim ng pamamahala ng kaniyang inang si Maria Christina. Hindi nagkaroon muli ng hari sa Espanya hanggang 1874.

Nang ilarawan ni Pavón ang isang lumang kalendaryo ng mga sinaunang Bisaya sa taong 1838-39, sinabi niyang ang buwan ng Nobyembre ay itinuring na «isang masamang buwan dahil ang dala nito ay hangin na hitik sa bulok na mikrobyo ng masasamang lagnat». Ang salitang mikrobyo ay nalikha lamang sa taong 1878 at nabuo ni Louis Pasteur ang kaniyang teorya na ang mga sakit ay nakahahawa sa pamamagitan ng hangin pagdating lamang ng dekadang 1850. Itinanghal ni Pavón ang sinaunang alfabeto ng mga Bisaya na itinala umano ni Fr. Francisco Deza sa taong 1543 ngunit ang pari ay ipinanganak noong 1620. May ibang sulatin na nilagdaan ni Deza sa ika-23 ng Marso, 14. Itong petsa ay maaaring anim na taon bago ng kaniyang kapanganakan o 94 na taon pagkatapos nito batay sa kung anumang siglo na tinutukoy sa taong ??14. Itong kasulatan ay tinatakan din nang «Parokya ng Ilog ng Negros Occidental» at sinulatan nang «R.S. sa naturang lalawigan at

bayan sa ikadalawampu't isa ng buwan ng Hulyo sa taong 17...» Wala pa ang lalawigan ng Negros Occidental sa mga naturang siglo o kahit na sa kapanahunan ni Pavón. Ang pulo ng Negros ay hinati lamang noong taong 1890.

Ang mga halimbawa sa Leyendes ng sinaunang sulat sa Bisayas ay malaki ang pagkakahawig sa ibang mga halimbawang natuklasan umano ni José Marco at magkakatulad din ang kanilang mga kamalian. Bagama't ginamit ang mga lumang titik sa mga kasulatan, hindi isinulat ang mga salita sa syllabic o papantig na paraan ng Filipinas kundi isinulat nang patitik-titik sa istilong Espanol. Ang ibig sabihin nito ay parang pinalitan lamang ang bawat titik na Espanyol ng isang lumang titik na Filipino. Ito ay mali dahil sa lahat ng ibang sinaunang paraan sa pagsulat sa Filipinas at Malaysia, ang bawat titik ay kumatawan sa isang buong pantig o syllable samantalang ang mga titik na Espanyol (ating mga modernong titik) ay kumakatawan sa mga payak na tunog lamang. Bukod dito, wala rin ang mga tuldik, ang mga tanda sa itaas at ibaba ng mga titik na nagpapahayag ng ibang vowel o patinig sa halip ng «A» at wala rin ang titik para sa pantig na «NGa». Ito ay pinalitan ng dalawang titik na «N» at «G» na may isang malaking Espanyol na tilde (~) sa itaas!

Pati ang pagsulat ni Pavón ay kakaiba. Madaling makita na ang mga pahinang pantitulo ng Leyendes ay sulat kamay lamang na iwinangis sa mga inilimbag na titik. Pinaghalu-halo ang iba't ibang istilo ng mga titik at tinuldukan pa ang malalaking «I». Magulo rin ang ispelang o pagbabaybay ng mga salita sa dalawang bahagi ng Leyendes. Ang pagkabaybay sa unang bahagi, na sinulat noong 1838, ay katulad ng istilo sa siglong 1500. Sa ikalawang bahagi ng 1839, sinabi ni Pavón na tinanggap na niya «ang maraming pagbabago sa pagbabaybay» na nasa pinakahuling talasalitaan ng Real Academia Española. Sa katotohanan, ang istilo sa ikalawang bahagi ay tugma nga sa naturang panahon bagama't hindi kasang-ayon ng nasabing diksiyunaryo. Hindi rin ipinaliwanag ni Pavón kung paano siya nakagamit ng mga bagong ispelang sa isang kasulatan na sinulat niya sa taong 1837 samantalang hindi pa niya alam ito noong taong 1838. Ang nasabing kasulatan ay *Brujertas y los Cuentos de Fantasmas* at «natuklasan» din ito ni José Marco.

Pagdaragdag sa Alamat

Ang kasaysayan ni Kalantiaw ay unang kina-thang-isip ni Jose Marco ngunit agad itong nagkaroon ng sariling buhay. Ang ibang mga manlilinlang at mga pantas ay tumulong sa pag-papalago ng isang bagong kasaysayan na ang pundasyon ay isang huwad na alamat. Biglang nagkaroon ng tatak ng katunayan sina Marco at Kalantiaw nang tanggapin ni James A. Robertson ang mga bagong «tuklas» para sa Philippine Library and Museum sa taong 1914. Noong ika-20 ng Hulyo, 1915, nagharap si Robertson ng isang sanaysay tungkol sa mga batas ni Kalantiaw sa Panama-Pacific Historical Congress sa California at sinundan pa ito ng paglalathala ng isang pagsasalin sa Ingles ng Kodigo noong 1917.

Sa nasabing taon din, nalathala ang isang pag-sasaling Espanyol ng Kodigo na ginawa ni Josué Soncuya at ito ay tinalakay niya sa anim na kabanata ng kaniyang Historia Prehispana. Si Soncuya, na taga-Banga, Aklan, ang siyang nagkawad sa dakilang mambabatas ng titulong «Rajah Kalantiaw» at ipinalagay rin niya na ang Kodigo ay sinulat para sa Aklan, Panay dahil sa nakita niyang dalawang salitang Aklanon sa kasulatan. Hindi niya binigyang pansin ang katotohanan na ang pamagat ng aklat na naglalaman ng mga kuwento ni Kalantiaw ay Ang mga Sinau-nang Alamat ng Pulo ng Negros na sinulat daw ni José Pavon sa naturang pulo. Binale-wala rin ni Soncuya na ang kinikilalang nakatuklas ng kasulatan na si José Marco ay taga-Negros at ang nakasaad sa aklat na sa pulo ng Negros itinayo ni Kalantiaw ang kaniyang kuta.

Gayunman, ang pinagmulan ng alamat ni Kalantiaw ay inalis sa Negros at inilipat sa Panay. Marahil ay inakala ng mga tagahanga ng datu na magiging mas kapani-paniwala ang kaniyang alamat kung ito ay sasabihin nilang naganap sa Panay dahil ang mga kilalang alamat na isinaad sa aklat na Maragtas ay doon din umano naganap. Sa taong 1949, isinama ni Gregorio Zaide ang Kodigo ni Kalantiaw sa kaniyang Philippine Political and Cultural History. Ang pamagat ng Kodigo ay dinugtungan niya ng mga salitang «Aklan, Panay». At kahit hindi natagpuan ni Digno Alba ang anumang katibayan para sa pagiging alamat ni Kalantiaw, ipinahayag niya sa kaniyang aklat na Paging Datu Kalantiaw (1956) na intinatag ng Datu ang kaniyang pamahalaan

sa Batan at ito ay naging punung-bayan o kapital ng sakup ng Aklan. Noong ika-8 ng Disyembre, 1956 itinatag ang isang bantayog sa karangalan ni Kalantiaw sa nasabing bayan. Sa taong sumunod, 1957, isang dating paaralan sa Batan ang ginawang Kalantiaw Shrine ng Philippine Historical and Cultural Society at ang Kodigo ni Kalantiaw ay inukit sa isang plakeng tanso. Nasa museong iyon ang di-umano'y «orihinal na kasulatan» ng Kodigo.

Noong 1966 nalathala ni Sol H. Gwekoh sa Sunday Times ang mga bagong detalye kaugnay sa buhay ni Datu Bendahara Kalantiaw, anak ni Rajah Behendra Gulah. Isinilang daw siya sa taong 1410 at naging ikatlong pinunong Muslim sa Panay noong siya ay 16 na taong gulang. Inaakala ng maraming tao na si Kalantiaw ay isang pinunong Muslim ngunit, makikita sa kaniyang Kodigo na siya ay hindi isang Muslim. Siya ay isang animist sapagkat pinarusahan ng kaniyang mga batas ang sinumang nagkasala laban sa mga anito, diwata, sinasambang punong kahoy at hayop, o sa mga idolo. Bukod dito, may kabalintunaan ang bagong pangalan na ibinigay ni Gwekoh sa dinakilang Datu dahil ang bendahara ay isang lumang salitang Bisaya na ang kahulugan ay «punong ministro» o pumapangalawa sa kapangyarihan ng pinakamataas na datu. Ganito rin ang kahulugan ng salitang ito sa wikang Malay ngayon.

Madalas na sinisipi sa iba't ibang Internet web site ang mga pahayag tungkol kay Kalantiaw mula sa mga manunulat na hindi ipinakikilala. Magkakasalungat ang marami sa mga katha nila tungkol kay Kalantiaw. May mga nagsasabing siya ay hindi lamang pangatlong pinuno ng Panay kundi pangatlo sa isang dinastiya ng mga haring may pangalang Kalantiaw. Ang ama niya, ayon sa iba, ay hindi si Rajah Gulah kundi si Haring Kalantiaw I, ang sumakop sa bayan ng Batan sa tulong ng mga Tsinong tulisan noong taong 1399. Mahirap paniwalaan na ibinigay ng matandang Kalantiaw I ang pangalan niya sa kaniyang dalawang anak, Kalantiaw II at Kalantiaw III. Si Kalantiaw II daw ay hindi ama ng mas sikat na si Kalantiaw III kundi kaniyang kapatid! Lalong mahirap paniwalaan na natukoy pa ang eksaktong petsa ng pagpapahayag umano ni Kalantiaw

ng kaniyang kodigo ng batas - ika-8 ng Disyembre, 1433. Marami pang mga kuwento tungkol sa buhay ni Kalantiaw III; tungkol sa kaniyang mga minahal, mga kaaway, mga pakikipagdigmaan at kaniyang kamatayan. Ang tawag sa kaniya sa pamagat ng kaniyang Kodigo ay Kalantiaw, ika-3 «regulo» o pangkaraniwang pinuno lamang.

Pinarangalan si Kalantiaw ng Hukbong Dagat ng Filipinas noong Disyembre 1967 nang tanggapin nila ang lumang bapor-pandigmang USS Booth mula sa Estados Unidos. Ang bapor, na ginawa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ay binigyan ng bagong pangalan, ang BRP Datu Kalantiaw. Lumubog ito dahil sa bagyong Clara noong ika-20 ng Setyembre, 1981.

Noong 1970 isinulat ng kilalang mananaysay na si Gregorio Zaide na ang tunay na pangalan ni Kalantiaw ay Lakan Tiaw na ang ibig sabihin daw ay «Datu ng Maikling Pagsasalita». Ang «Lakán» ay isang pangkaraniwang bahagi ng mga pangalan ng mga Tagalog, na noong unang panahon ay nangahulugang «pinakamahalagang pinuno». Nakapagtataka dahil bumanggit pa si Zaide ng isang pariralang nagmula umano sa mga labi ni Kalantiaw: «Nakapangingibabaw ang batas sa lahat ng tao.» Ang nakalulungkot ay alam na ni Zaide na ang alamat ni Kalantiaw ay napabulaanan at napatunayang hindi totoo may dalawang taon na ang nakalipas bago niya ipinalathala ang kaniyang mga karagdagang palagay tungkol dito.

Pinabulaanan ang Kasaysayan ni Kalantiaw

Ipinagpatuloy ni José Marco ang paggawa ng kaniyang mga huwad na kasulatan hanggang sa panahong malapit na siyang pumanaw noong 1963 ngunit lumiit na nang lumiit ang kaniyang mga tagumpay sa bawat bagong panlilinlang. Sa pagdating ng dekadang 1950, nawala ang paggalang sa kaniya at hindi na siya pinaniwalaan ng mga tunay na pantas, ito'y sa kabila ng patuloy na katanyagan ni Kalantiaw. Sa panahong iyon, ang bagong henerasyon ng mga dalubhasa ay nagsimula na ring maghinala sa kasaysayang itinuro sa mga Filipino sa loob ng nakaraang kalahating siglo.

Noong 1965, si William Henry Scott ay nag-aaral para sa kaniyang doctorate sa University of Santo Tomas nang may iminungkahi sa kaniya ang mananaysay na si Mauro Garcia. Ayon kay Garcia, ang dapat suriin ni Scott para sa kaniyang tesis ay ang kasaysayan ng Filipinas bago dumating ang mga Espanyol. Nakatanggap si Garcia ng ilang huwad na kasulatan mula kay Jose Marco

at siya ay may hinala sa mga unang natuklasan ni Marco na alam niyang naging batayan ng malaking bahagi ng sinaunang kasaysayan ng Filipinas. Kaunting huwad na kasulatan lamang ang ipinakita ni Garcia kay Scott upang huwag maimpluwensiya ang pananaliksik na gagawin ni Scott. Nang dumating ang panahong nagkaroon na si Scott ng sariling palagay tungkol sa mga gawa ni Marco ay saka lamang ipinakita ni Garcia ang iba pang mas halataing panlilinlang ni Marco.

Ipinako ni Scott ang kaniyang pagsasaliksik sa pagtuntun sa pinanggalingan ng bawat pagbanggit o pagtukoy sa sinaunang kasaysayan ng Filipinas na nasa pangunahing apat na aklat na ginagamit noon sa mga kolehiyo. Sinuri niya ang mga orihinal na sulatin at hinanap niya sa maraming aklatan at museo sa iba't ibang pook sa daigdig ang mga bagay-bagay at kasulatang maaaring makapagpatibay sa mga ito. Tinanong niya ang mga batikang mananalaysay tungkol sa pinagkunan ng kanilang kaalaman. Kinapanayam niya ang mga kaibigan at kakilala ni José E. Marco at sinuri rin niya ang mga liham nila kay Marco at mga liham ni Marco sa kanila. Ang lahat ng kabatirang may kaugnayan kay Kalantiaw ay natuntun ni Scott. Ang lahat ay may iisang pinanggalingan lamang, si José E. Marco. Binuod ni Scott ang kaniyang ginawang masusing pagsusuri sa dalawang payak na pangungusap:

Ang mga natuklasan ni José E. Marco na natala sa kasaysayang Filipino... ay lumalabas na sinadyang pagsisinungaling at hindi totooong bahagi ng kasaysayan. Samakatwid, walang katibayan o patunay sa kasalukuyan na mayroon ngang nabuhay na isang pinunong Filipino na ang pangalang ay Kalantiaw o na ang kodigo penal ni Kalantiaw ay ginawa bago dumating ang taong 1914.

Matagumpay ang pagtatangol ni Scott sa kaniyang tesis sa harap ng isang lupon ng mga batikang Filipinong mananalaysay, ang ilan sa kanila ay sumang-ayon noong araw sa mga bahagi ng kasaysayang Filipino na pinabulaanan niya. Ang lupon tagahatol na nagbigay ng gradong «meritissimus» o «napakahusay» sa tesis ni Scott ay binuo nina Teodoro Agoncillo, Horacio de la Costa, Marcelino Forondo, Mercedes Grau Santamaria, Nicholas Zafra at Gregorio Zaide. Inilathala ang kinalabasan ng masusing pagsisiyasat ni Scott sa kaniyang Prehispanic Source Materials for the Study of Philippine History noong 1968 at magpahanggang ngayon, hindi ito pinabulaanan ng sinumang mananalaysay.

BUHAY OFW

Dear Kuya Eli...



Ullessis Abaya
ullessis@yahoo.com

OFW DAW, MAYABANG!



Hmmm... narinig ko na ito. Di lang isang beses. Marami na. At marahil dahil kabilang din ako sa kategorya ng bagong bayani, madalas na rin akong sabihan ng ganito – pati ng kapwa ko OFW.

Pano nga ba naman di masasabihang mayabang? Tuwing uwi, merong bagong damit, bagong appliances, bagong sapatos, bagong cellphone, bagong laptop and take note, meron na rin Tab. Lahat ng latest gadgets meron si OFW... no wonder, mayabang!

Isipin muna natin, talaga nga bang mayabang? Eto ang mga scenario:

Scenario sa airport:

Pagdating sa airport, pusturang pustura na. Me hepatitis na sa lapad ng gintong kwintas na nakasabit sa leeg nila. Sa gate, isa isa ng nilalabas ang mga gadgets na dala – digicam (picture-taking muna syempre), laptop (macbook actually) kasi merong free wifi sa airport. Pero masyadong mabigat ang laptop, blackberry na lang o kaya iphone (or ipod touch) na lang para di bulky. Nagtatawagan na para ikumpirma na susunduin sila sa airport ng mga mahal nila sa buhay. Then, off to the plane.

Paglapag ng eroplano, malayo pa lang, di pa man nakakarating sa immigration, alam mo na ang mga OFW. Kasi, bago dumating sa immigration, daan muna ng duty free para bumili ng imported choco-

lates (each bag is worth US\$33) at alak na worth US\$100 (3 bottles lang ha) na talaga namang binili dahil me kasama itong trolley bag. Samahan mo pa ng sigarilyo. Di lang yun, ang pambayad syempre dollars din. No wonder madalas target ng mga airport employees.

Sa customs, kelangan i-declare mo lahat ng dala mo. Okay lang naman. Pero kung bago ang gamit na dala mo, kelangan me receipt at magbayad ng tax (custom tax). Kadalasan, ang mga inuuwing gamit or appliances puro gamit na. Syempre, kelangan i-check kung gumagana sabay gamit na rin di ba? heheheh!

Pagdating sa labas, nandyan yung mga di magkanda-hulog at nagkukumahog na magtutulak ng trolley para pagdating sa baba (waiting area), baka sakaling maambunan naman daw ng biyaya (pangkape man lang). Di kaya pinupulot ang pera sa ibang bansa?

Sabi nga ng nanay ko, “mahirap kayang mag-is-is ng kubeta ng bahay ng ibang tao.” Pero ginagawa yun ng isang OFW. Kelangan kumita ng pera eh.

Scenario sa baryo:

Eto na, nakarating din sa wakas sa bahay. Alam na ng buong baryo na dumating ka na. Araw-araw me bisita, nagpaparamdam kahit yung mga hindi mo naman masyadong ka-close para makahirit daw



ng utang. Kesyo dumayo pa sila mula sa probinsya, nanghingi ng pamasahe. Minsan pa nga, me nakapagsabi sa kaibigan naming “Ineng, baka meron kang pinaglumaang ginto?” Ano! Naluluma na pala ang ginto... hahahaha!

Ang masama pag tumanggi ka sa mga hirit nila, sabihan ka nila “mayabang”... “akala mo kung sino. Nakarating lang ng ibang bansa...etc.”

Syempre di maiwasan ang family time – in the mall. Nandyang din yung halos araw-araw nasa mall, bili ng kung ano-ano. Hayyy! Nakakapagod kaya yun.

Bilang isang OFW, aminado ako, ngayon ko naranasan na makamit lahat ng materyal na bagay na dati hiling ko lang. Ngayon ako nakakabili ng sarili kong mga gadgets na kahit paiyak kong hinihingi sa mga magulang ko, eh di nila maibigay. Sabihin na nating ngayon ako bumabawi.

Pero lahat yun, pinagsikapan kong makamit. Nagtrabaho ako para mabigyan ang sarili kong kapritso. Di ako umasa sa iba na ibigay ito sa akin, dahil wala namang gagawa nun kundi ako lang. Di pina-pala ang pera sa ibang bansa, pinaghihirapan din ito.

Gayunpaman, sinisikap ko na wag magdamot. Pero nawa maalís na sa mga nasa pinas na ang OFW mayaman. Mayabang man sila, yun ay dahil ngayon lang din sila nagkaroon. Pinagsikapan din nilang makuha iyon. By gives pa nga yung iba (utang na naman). Alam ko, mayabang pa rin ang dating. Ganito na lang, isipin natin. “Wala tayong makuha kung di natin pagsusumikapan”. Di tayo magkakaroon kung di tayo magtatabi o maglalaan para sa pangangailangan o sa kapritso.

Ganun din si OFW. Kahit anong yabang nya pa. Lahat ng meron sya, dugo at pawis ang pinuhunan nya. Ilang puyat at sakripisyo din ang ginawa nya magkaroon lang sya nun. I-guide na lang natin si OFW, sa mga tamang paraan ng paglulustay nya ng pera.

It still depends on how you spend and what you spend. Do you really need that much gadget? If not, maybe an OFW should spend on something worthwhile. Minsan kasi, kung walang magsasabi ke OFW ng dapat pahalagahan, di nya ito pagtutuuhan ng pansin.

(definitelyfilipino.com/blog/2011/12/24/ofw-daw-mayabang)

Sa mga gustong magbahagi ng mga karanasan sa buhay habang nasa abroad, ipadala lang po sa BUHAY OFW Dear Kuya Eli, ullessis@yahoo.com

BEFORE STARTING A BUSINESS

Ang pagtatayo ng sariling negosyo ay isang malaking oportunidad sa buhay na dapat nating matutuhan. Lahat ng tao ay naghahangad na kumita ng malaki sa pamamagitan ng pagnegosyo. Hindi sapat na may kapital ka lang ay pwede ka nang magtayo ng negosyo. Sa pagtatayo nito maraming mga bagay ang dapat isaalang-alang upang masiguro ang paglago nito.

Hindi lamang tungkol sa tagumpay at kumita ng pera ang hatid ng pagnegosyo, kundi pati na rin sa kung anong mga aral sa buhay ang ituturo nito na dapat nating matutunan. Makasisiguro tayo na sa pagtatapos ng taong ito ay magiging matagumpay tayo sa ating negosyo. Ngunit ito ay hindi lamang mahalaga sa pagkakaroon ng kamalayan sa sarili at negosyo, dapat mo ring malaman ang tungkol sa iyong mga kakumpitensiya. Dapat mong itanong sa sarili, kilala mo na ba kung sino ang iyong mga kakumpitensiya? Ano ang kanilang mga kahinaan? Saan sila kumukuha ng lakas? Tandaan na ang pananaliksik sa iyong mga kakumpitensiya o katunggali ay isang patuloy na proseso na hindi dapat kaligtaan, sa aspetong ito maraming mga negosyante ang nabigo at nalugi sa negosyo dahil hindi nila alam kung sino ang kanilang kakumpitensiya.

Ang pagtatalaga ng tamang oras ay isa ring sangkap na kailangan sa ikatatagumpay ng negosyo. Kailangan mong maging handa dahil sa ang iyong nakasanaan na dating 9-5 oras na trabaho ay mapapalitan ng mas mahabang oras, siguro ito ay sa mga ilang buwan lamang na pagsisimula ng negosyo. Kailangan ninyong maging handa na ilagay ang mga personal na buhay sa tamang lugar. Maraming mga pagbabago na magaganap sa iyong buhay na dapat mong unahin sa pagkakaroon ng isang negosyo. Dapat maging handa ka sa lahat ng pagkakataon. Kailangang magsakripisyo muna upang masigurado ang ikatatagumpay ng negosyo. Ito ay isa sa mga ilang downsides ng pagkakaroon ng sariling negosyo, ngunit alam mo na hindi matutumbasan ang kasiyahan kung makita mo nang naging matagumpay ang iyong negosyo.

Ang pera ang pinaka-importante sa pagsisimula ng isang

negosyo. Siguradohing may sapat na pera upang ipang-gastos sa mga bagay na kakailanganin sa negosyo- mula sa mga pagrehistro nito, bayad sa lugar na napili at mga gamit na kailangan. Sa paghahanap ng karagdagang kapital, maaari kang magharap ng isang mahusay na balangkas ng iyong plano sa negosyo (business plan) sa inyong bank manager. Humingi ng tulong sa bangko kung kinakailangan. Mas mainam na masiguradong hindi ka magkakaroon ng malaking utang bago pa man maumpisahan ang iyong negosyo.

Ngunit kahit na ang paghahanap ng pondo ang pinakamahirap na gawin sa una, mas mabuti kung humingi ka ng tulong sa mga taong iyong pinagkakatiwalaan o sa mga taong makakatulong sa pagpapalago ng iyong negosyo. Hindi mo kailangang solihin lahat ng trabaho kung sa tingin mo ay hindi mo kaya. Isiping mabuti ang iyong lakas at kahinaan at maghanap ng tao na kung saan sila ay dalubhasa sa ilang mga bagay sa pagpapatakbo ng negosyo. Mas mainam din na magkaroon ka ng dalawang propesyonal na makakatulong sa iyo sa mga unang taon ng negosyo - isang accountant at isang taga-payo sa negosyo. Ang mga taong ito ang magsisiguro na tama ang pagpapatakbo ng iyong negosyo.

